# ORGANIKONG PAGTATANIM

*by:*
**Arvin Arne P. Rodrigo**
*Teacher I, St. Francis National High School*

Ang paggamit ng organikong pamamaraan sa ating mga gulayan sa paaralan ay napakalaking tulong upang mabawasan ang polusyon sa palaigid. Kadalasan, kung talagang hindi Maganda ang kalidad ang lupa sa paaralan at gumagamit tayo ng mga kemikal upang mas mapadali ang pagtatanim at pag-ani. Pero ito ay nakakasama lalo na sa pagtagal ng panahon ay makasisisra ito ng ating mga lupa. Mawawala ang matabang lupa at magiging acidic ang lupa.kaya isinusulong ng Gulayan sa Paaralan Program ang paggamit ng mga organikong pamamaraan.

Ang pinaka Madali at pinaka mabisang pamamaraan ay ang pag compost. Sa paraang ito pinabubulok lahat ng mga material na organiko, pinagsasama-sama sa iisang lagayan na may mga butas upang makalusot ang mga hangin dahil ang mga bakterya na tutulong sa pagpapabulok ay nangangailangan ng hangin. Ito ang pinaka mabisa sa lahat, sapagkat pinapanatili nitong mataba ang lupa at malayo sa sakit ang mga halaman. Magiging buhaghag ang lupa at madaling makakalago ang mga ugat ng bawat halaman na itatanim sa mga may compost na lupa.

Pinapanatiling aktibo ang mga mahahalagang bakterya sa lupa at nilalabanan ang mga masasamang bakterya. Ganyan kaganda ang organikong pamamaraan sa poag tatanim, hindi lang gaganda ang lupa kundi dadami o magiging doble pa ang ani. Hindi naman kailangan ng matinding kasanayan sa paggawa ng mga organikong ilalagay natin sa ating lupa, kinakailangan lang ng mahabang panahon upang mabulok at maging compost ang mga bagay na ating pabubulukin.

Sa ating mga paaralan napaka inam na huwag na tayong gumamit ng mga kemikal na pamamaraan upang sap ag tagal ng panahon ay maging Maganda ang ating mga gulayan. Napaka halaga ng pagkakaroon ng ideya kung paano magsisimula, dahil hindi lahat ng sa ating paligid ay pwede nating bulukin, may tamang paraan upang magawa ito ng tama. Nagpapataas ng mabilis na proseso nito ay ang mga bagay na ating inilalagay sa ating mga container. Ang pinaka Maganda ay ang dumi ng mga hayop na kumakain ng damo, mga nabubulok na dahoon at mga sanga, mga pinagbalatan sa ating mga kusina.

*References:*

https://hvcdp.da.gov.ph/wp-content/uploads/2022/05/ORGANIKONG-PAGTATANIM-NG-GULAY-AT-PAGAALAGA-NG-BABOY_02102020_V1.pdf.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan